
1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Kapaligiran Ko,Pananagutan Ko!



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Kapaligiran Ko, Pananagutan Ko!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aira Lorraine F. Ceredon
**Editor:** Roselily M. Esteban, Leonida F. Culang, Marilou Buizon
**Tagasuri:** Robert T. Rustia, Perfecta M. Bautista, Ph.D, Elizabeth R. Berdadero. Fidel B. Manaligod, Marivel G. Morales, Jenelyn B. Bolante
**Tagaguhit:** *Leonides G. Buenvenida*
**Tagalapat:** Aira Lorraine F. Ceredon, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela L. Cariño, CESO IV: *Director IV/ Regional Director*
Octavio C. Cabasag: *Chief Education Supervisor*
Rizalino Coronan: *EPS In Charge of LRMS*
Roderic B. Guinucay: EPS - *ALS/Regional ADM Coordinator*
Janette V. Bautista, EdD: *CID Chief*
Marivel G. Morales: *Division LRMS Coordinator*
Fidel B. Manaligod: *Division ADM Coordinator*

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 87

**Kapaligiran Ko, Pananagutan Ko!**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kapaligiran Ko, Pananagutan Ko!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kapaligiran Ko, Pananagutan Ko !

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

*Alamin*

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.

*Subukin*

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

*Balikan*

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga mahahalagang pangyayari sa iyong buhay simula pagsilang.


Ang kasanayang lilinangin natin ay makapagbigay ng halimbawa ng mga gawi at ugali na makatutulong at nakasasama sa sariling kapligiran: tahanan at paaralan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. makatukoy ang mga gawi at ugali na maganda sa ating tahanan at kapaligiran.
2. maging aktibo sa paggawa ng mabuti sa sariling tahanan at paaralan sa pamamagitan ng pagtupad sa iyong pangako.

# *Subukin*

Panuto: Kulayan ang larawan na nagpapakita ng magandang gawi sa paaralan.



**Larawan A**



**Larawan B**



**Larawan C**



**Larawan D**

| Aralin 7 | Kapaligiran Ko, Pananagutan Ko! |
|---|---|

## Balikan

Panuto: Kulayan ang mga larawan na nagpapakita nang mabuti at madalas mong gawin sa paaralan.



**Larawan A**



**Larawan B**



**Larawan C**



**Larawan D**

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin ang seleksyon at sagutin ang mga sa bahagi ng Suriin.

**Isang Modelong Pamilya**

ni: Aira Lorraine F. Ceredon

Ito ang pamilya Ceredon, sila ay laging sama-sama sa lahat ng gawaing bahay at tumutulong din sa mga gawain sa paaralan. Sila ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mg mga tamang gawain katulad ng pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan, pagtatanim ng mga halaman at mga bulaklak sa paaralan at pagreresiklo ng mga bagay na pwede pa ring gamitin.

Sila ay isang modelong pamilya sapagkat sila ay mayroong pagmamahal sa kapaligiran at alagang hayop. Ang kanilang tahanan ay malinis rin sapagkat sila ay may kanya-kanyang gawain katulad ng paglilinis, pagdidilig at paghuhugas.

# *Suriin*

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang mga sumusunod na pangungusap ay naayon sa seleksyong binasa at malungkot na mukha( ☹) naman kung hindi.

________1. Ang pamilya Ceredon ay maayos sa kanilang tahanan.

________2. Tumutulong lagi sila sa mga gawaing pampaaralan tulad ng pagreresiklo sa mga bagay na maaari pang gamitin.


________3. Ang pamilya nila ay palaging nagkakalat ng basura sa tabi ng kalsada.

________ 4. Sila ay maasahan sa kalinisan at kaayusan ng komunidad.

_________ 5. Ang kanilang pamilya ay hindi dapat tularan sapagkat hindi sila nakatutulong sa kalinisan ng kapaligiran.

# Pagyamanin

**Panuto:** Masdan ang larawan, alin sa mga sumusunod na gawain at pag-uugali ang maaring magresulta ng ganitong kapaligiran ng *Parke ng Rizal*. Kulayan ang mga napiling larawan.



Parke ng Rizal




1



2



3



4

## Isaisip

Importante na tayo ay maging malinis sa ating paligid lalo na sa ating sariling tahanan at paaralan upang malayo tayo sa anumang sakit at mapanatili ang kaayusan at kagandahan nito.

## Isagawa

Basahin ang seleksyon at alamin ang epekto ng *Climate Change* at ang dulot nito sa ating kapaligiran.

### Climate Change

Tayo ay nakararamdam ng pabago bagong panahon dulot ng tinatawag na "*Climate Change*" dahil sa kung saan ang init na dala ng araw ay sinisipsip ng mga *greenhouse gases* sa *atmosphere* at binubuga sa lahat ng direksiyon.

Dahil sa patuloy na pabago bagong panahon ay maaari itong magdulot ng mga sakit katulad ng ubo, sipon, at lagnat sa mga bata.

Nakararanas din tayo ng malalakas na bagyo na lubhang mapanganib lalo na sa mga nakatira sa mababang lugar at baybaying dagat.

Tayo ay dapat mas maging maalaga sa ating kapaligiran at tahanan upang mabawasan ang nararanasang epekto ng *Climate Change*. Isa ito sa mga susi upang gumanda ang kondisyon ng ating panahon.

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang mga larawan na nakakabuti sa ating kapaligiran at ekis (X) ang mga larawan na nakasasama.



1.



2.




3



4

## *Tayahin*

**Panuto:** Gumuhit ng gawain na iyong laging ginagawa na nagpapakita ng magandang gawi sa paaralan o tahanan.

| Pamantayan | Napakahusay 5 | Mahusay 4 | Katamta-manghusay 3 | Hindi Gaanong mahusay 2 | Nangangailangan ng pagpapabuti 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Kalinisan sa pagkulay | | | | | |
| Kahusayan sa paggawa | | | | | |
| Pagiging malikhain | | | | | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Dugtungan ang mga salita sa ibaba, gumawa ng simpleng pangako na kaya mong gawin upang mas gumanda ang inyong tahanan o kapaligiran.

Ako ay nangangakong

| Pamantayan | Napaka-husay 5 | Mahusay 4 | Katamta-manghusay 3 | Hindi Gaanong mahusay 2 | Nangangai-langan ng pagpa-pabuti 1 |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| Kaayusan ng pangungu-sap at tamang paggamit ng mga bantas. | | | | | |
| Maayos na paglalahad ng ideya | | | | | |
| Kahusayan sa paggawa | | | | | |

# Susi ng Pagwawasto

**Subukin**
Larawan A at D

**Balikan**
Larawan A at B

**Suriin**
1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☹

**Isagawa**
1. /
2. X
3. /
4. /

**Pagyamanin**
2 at 4

**Tayahin at Karagdagang Gawain**
(Maaaring magkaroon ng ibang sagot ang mga mag aaral sa kanilang pangako

# *Sanggunian*


K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Batang 1-10. (2016)

Miranda, N.P. (2017) Araling Panlipunan-Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral. Geumcheongu, Seoul, Korea: Prinpia co., Ltd.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph